

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang mga Kasanayang Pangkomunikasyon

Ang pagbuo ng interaksyon sa pagitan ng mga tao sa isang lipunan ay nangangailangan ng paggamit ng mga pandama upang makakalap ng impormasyon. Ang mga impormasyong ito ay ipinoproseso ng utak upang maging bahagi ng karanasan at kaalamang taglay ng tao. Ang mga impormasyong ito ay nagmumula sa mga pandamang taglay ng tao gamit ang kanilang mata, tenga, dila, balat at ilong. Ang mga pandamang taglay ng tao ay nagbibigay ng impormasyong nasasagap nito mula sa kapaligirang ginagalawan ng tao. Ang pandamang kagaya ng paningin, pang-amoy, panlasa, pandinig at pakiramdam ay sumasagap ng mga impormasyon. Anunong mga impormasyon ang ibinibigay ng mga pandamang ito sa tao?

Ang mata ang pangunahing instrumento natin sa pagsagap ng kulay at dimensyon na siyang pangunahing faktor sa ating paningin. Ang ilong naman ang pangunahing ginagamit sa pagsagap ng amoy kagaya ng bango, alkampor, mask, amoy-bulaklak, mint, eter, mapakla (acrid), o bulok na siya namang factor sa pang-amoy. Ang dila naman ang pangunahing instrumento sa pagsagap ng ibat-ibang mga lasa katulad mapait, maalat, matamis, maasim at sensasyon ng lasang “umami”. Ang tenga naman ang responsable sa pagsagap ng mga tunog sa pagitan ng labing-anim (16) na pag-uulit

(cycles) sa bawat segundo, na tumutumbas sa *bass* o mababang tunog, hanggang sa dalawampung walong libong pag-uulit-ulit na tumutumbas sa napakataas na tono. Ang ating balat naman ay responsible sa mga pakiramdam kagaya ng init, lamig, pagkadiit o paghipo (contact) at sakit.

Sa tulong ng mga *nerve impulse*, ang mga impormasyong nasasagap ng ating mga pandama ay kaagad na ipinapasa sa utak ng tao. At sa utak ng tao naman ipinoproceso ang mga impormasyong ito upang kagyat na makapagbigay ng angkop na tugon ang utak na siyang isasakilos o isasaisip ng tao sa isang sitwasyon. Kaya't kung ang isang tao ay may kakulangan sa alinman sa nabanggit na pandama, awtomatikong mababawasan ang impormasyong matatanggap ng utak at makakasagabal ito sa pagpoproseso ng impormasyong kinakailangan para sa angkop na pagtugon ng katawan ng tao.

Ipagpalagay na nating ang isang tao ay may kakulangan sa pandama ng paningin, awtomatikong hindi nito mailalarawan ang kaibahan ng mga kulay. Gayundin kung ang isang tao ay may suliranin sa kanyang pandama sa pandinig, magdudulot ito ng kakulangan sa pag-unawa sa mga tinig na nagmumula sa kanyang paligid at maging sa kanyang sarili.

Samakatwid, masasabi nating kung ang isang tao ay may kakulalangan o suliraning fanksyunal sa kanyang pandama ito ay makakasagabal sa pagsagap ng mga impormasyon. Ang sagabal o hadlang na ito sa pagsagap ng impormasyon ay magdudulot ng kakulangan sa mga impormasyong ipoproseso ng utak. At ang kakulangan o suliranin sa mga

impormasyong dadaan sa pagpoproseso ng utak ay makapagdudulot ng malalang konsikwensya o kahihinatnan sa isang tao – ang pagkasira o pagkabalang nang maayos na daloy ng komunikasyon sa pagitan ng mga tao. Ang maayos na daloy ng komunikasyong namamagitan at maaaring mamagitan sa mga tao ay nakakatulong sa pagkakaroon ng maayos at mabuting interaksyon sa mga tao. At dito ay hindi natin maitatangi na kailangan natin ang mga pandama upang makapagsagawa ng interaksyon.

Upang maging mas maging epektibo at maayos ang daloy ng komunikasyong namamagitan sa mga tao, kinakailangang gamitin natin nang husto at wasto ang mga pandamang ito. Sapagkat, sa pamamagitan lamang ng paulit-ulit o palagiang paggamit ng ating mga pandama tayo makakabuo ng mga kasanayang may kinalaman sa maayos na daloy ng komunikasyong pantao. Anu-anong mga kasanayan ba ang dapat na sanayin at idevelop ng tao upang makatulong sa pagkakamit niya nang maayos, mabuti at ganap na pakikipagkomunikasyon sa kanyang kapwa?

Sa pagdevelop ng **pag-iisip** bilang isang kasanayang pangkomunikasyon, mahalaga ang paggamit ng utak bilang tagaproseso ng mga impormasyong nakakalap ng ating mga pandama. Ang mga impormasyong ito ay nagiging sangkap sa paggawa natin ng desisyon. Ang palagiang pagpoproseso ng impormasyon ng ating utak ay nakakatulong upang madevelop ang kasanayan sa pag-iisip.